International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

**Peer Review Report Form**

| | |
|---|---|
| **Pamagat ng Manuskrito:** | Pagkakaiba ng Paggamit ng Wikang Meranaw Batay sa Henerasyon: Pananaw ng mga Gurong Generation X sa Konteksto ng Klasrum |
| **Uri ng Artikulo:** | Orihinal na Artikulo |

## UNANG YUGTO

### Editor

| **Pangkalahatang Puna** |
|---|
| Kinikilala ng mga tagasuri ang kahalagahan ng inyong manuskrito at inirerekomenda ang mga rebisyon upang higit pang mapabuti ang kalinawan, organisasyon, at pangkalahatang kalidad nito. Bukod dito, kinakailangan ninyong magsagawa ng masusing imbentaryo ng mga sanggunian sa inyong manuskrito. Tiyakin na ang mga sangguniang binanggit lamang sa loob ng manuskrito ang nakatala sa seksyong “Mga Sanggunian”, gayundin, na ang lahat ng sanggunian ay maayos na nabanggit sa manuskrito. Halimbawa, kung may 20 sangguniang binanggit sa manuskrito, dapat ay 20 lamang din ang nasa seksyong “Mga Sanggunian”. Gayunpaman, tandaan na ang paulit-ulit na pagbanggit sa iisang sanggunian sa loob ng manuskrito ay binibilang bilang isang *entry* lamang; kaya maaaring mas mababa ang bilang ng mga entry sa seksyong ito, kumpara sa kabuoang bilang ng *in-text citations*. |

### Tagasuri 1

| **Pangkalahatang Puna** |
|---|
| Isang napapanahon at makabuluhang pag-aaral ang inyong isinumite, na tumatalakay sa ebolusyon at kalagayan ng wikang Meranaw sa loob ng klasrum mula sa lente ng mga gurong Generation X. Mahusay ang naisip na anggulo ng pag-aaral sapagkat nabibigyan nito ng boses ang mga beteranong guro upang suriin ang nagaganap na *language shift* (paglipat ng wika) sa mga mag-aaral na *Millennial* at *Generation Z*. |

| **Tiyak na Puna** |
|---|
| Malinaw na nailahad ang mga tiyak na suliranin at tunguhin ng pag-aaral. Subalit, ang pangunahing argumento ay tila nakasandal lamang sa ideya na ang pag-usbong ng teknolohiya at ang edad ang tanging nagpapabago sa wika ng mga kabataan. Makabubuting palawakin ang diskusyon sa Rebyu ng Kaugnay na Literatura tungkol sa epekto ng patakarang pangwika sa Pilipinas, partikular ang pag-iral ng bilingguwalismo o multilingguwalismo, lalo na't mismong mga guro ang umamin na naghahalo na ang Tagalog, Ingles, at Meranaw sa klasrum. Ang pagpapalalim sa kontekstong sosyolingguwistiko ay magpapatibay sa inyong argumento. Ipinapakita nito na ang pagbabago ng wika ay hindi lamang nakadepende sa henerasyon kundi pati na rin sa mas malawak na panlipunan at pangedukasyong estruktura kung saan nakapaloob ang mga mag-aaral. |

| |
|---|
| Angkop ang paggamit ng kwalitatibong disenyo at *Interpretative Phenomenological Analysis (IPA)* nina Smith at Fieldsend upang unawain ang lived experiences ng limang gurong Gen X. Gayunpaman, sa bahagi ng Resulta at Diskusyon, ang pagsusuri sa ilang siniping pahayag *(quotes)* mula sa panayam ay tila mabilis na nagbibigay ng pangkalahatang konklusyon. Halimbawa, nang banggitin ng isang guro na "nawala ang magandang pag-uugali ng mga bata" (Gen Z) at hindi na umano sila gumagamit ng pormalidad tulad ng "opo" kumpara sa mga *Millennials* , mabilis itong tinanggap ng papel bilang isang katotohanan tungkol sa estilo ng pananalita ng buong henerasyon. Kinakailangang linawin sa pagsusuri na ang mga ito ay limitadong manipestasyon o pananaw lamang ng mga nakatatandang guro na may sariling bias at nakasanayang kultura. Isa pa, mahalagang linawin sa metodolohiya kung paano eksaktong pinaghambing ng mga guro ang *Millennials* at *Gen Z*; sila ba ay inatasang magbalik-tanaw *(retrospective recall)* sa kanilang karanasan sa pagtuturo noong dekada 2000 at ihambing ito sa kasalukuyan? Ang malinaw na paghihiwalay sa "obserbasyon/obhetibong pananaw ng guro" at "aktwal na obhetibong katangian ng henerasyon" ay esensyal sa penomenolohikal na pag-aaral. Pinapanatili nito ang pagiging siyentipiko ng papel at iniiwasan ang mabilisang paghusga o *bias* laban sa mga nakababatang henerasyon. |
| Malaki ang potensyal na ambag ng inyong papel sa dokumentasyon at preserbasyon ng mga katutubong wika sa Pilipinas, lalo na't nakatutok ito sa wikang Meranaw sa Mindanao. Subalit, upang maging mas kongkreto at kapaki-pakinabang ang pag-aaral, iminumungkahi kong mas ipaliwanag nang maigi ang inyong rekomendasyon hinggil sa integrasyon ng katutubong wika at pagbabalik ng *Mother Tongue* sa primaryang edukasyon. Paano ito mabisang magagawa sa kasalukuyang panahon kung saan ang mga *Gen Z* ay lantad sa digital na pamumuhay at mas pamilyar na sa pagpapaikli ng mga salita tulad ng ILY at ATM? Ang pag-uugnay ng mga naging resulta ng pag-aaral sa mga praktikal na pamamaraan sa pagtuturo ay magpapatibay sa kabuluhan ng inyong manuskrito sa pandaigdigang larangan ng edukasyon sa wika at pagbuo ng kurikulum. |
| Lubos na iminumungkahi ang matinding muling pagbasa *(proofreading)* at pagpapakinis ng teksto upang iwasto ang mga estruktura ng pangungusap, tipograpiya, at pagbabaybay. Halimbawa, sa bahagi ng Abstrak at mga Susing-salita, may parehong pagkakamali sa pagbaybay sa salitang "Mellinials" na dapat ay "Millennials". Gayundin, suriin muli ang pagkakatugma ng format ng mga *in-text citations* (hal. Smith at Fieldsend 2021 ay walang citation format sa loob ng teksto na naaayon sa APA o iba pang estilo) at ang inyong listahan sa mga sanggunian. Ang mahusay na *copyediting* at mahigpit na pagsunod sa wastong pormat ng pananaliksik ay pangunahing kinakailangan sa mga internasyunal *peer-reviewed journals* upang matiyak ang kredibilidad ng papel at ang malinaw na pagdaloy ng impormasyon patungo sa mambabasa. |

**Mangyaring ipahiwatig ang iyong pasya sa pamamagitan ng pag-tsek sa naaangkop na kahon sa ibaba.**

| **Pasya** | |
|---|---|
| | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon. |
| ✓ | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri. |
| | Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon. |

International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

**Tagasuri 2**

| **Pangkalahatang Puna** |
|---|
| Ang manuskrito ay may makabuluhang paksa dahil tinatalakay nito ang pagbabago sa paggamit ng Wikang Meranaw sa konteksto ng klasrum batay sa pananaw ng mga gurong Gen X. Mahalaga ang ganitong pag-aaral sa larangan ng wika, kultura, at edukasyon, lalo na sa usapin ng preserbasyon ng katutubong wika. Gayunman, kailangan pa nitong palakasin ang linaw ng suliranin, metodolohiya, at pagsusuri upang maging mas matibay ang kontribusyon nito sa larangan. |

| **Tiyak na Puna** |
|---|
| Kailangang linawin pa ang research gap ng pag-aaral. Bagama't malinaw na mahalaga ang Wikang Meranaw at ang epekto ng teknolohiya sa wika, hindi pa sapat na naipakita kung ano ang kulang sa mga naunang pag-aaral at bakit kailangang pag-aralan ito mula sa pananaw ng mga gurong Gen X. Kung mas malinaw ang puwang sa literatura, mas magiging matibay ang dahilan ng pananaliksik. |
| Kailangang palakasin ang paliwanag sa metodolohiya. Nabanggit ang paggamit ng kwalitatibong disenyo at phenomenological approach, ngunit kulang pa ang detalye kung paano sinuri ang datos, paano nabuo ang mga tema, at paano tiniyak ang kredibilidad ng resulta. Mahalaga ito dahil lima lamang ang kalahok, kaya kailangang malinaw kung paano naging sapat at mapagkakatiwalaan ang datos. |
| May halaga ang mga sipi mula sa mga guro, ngunit kailangan pang palalimin ang pagsusuri. Sa kasalukuyan, may bahagi na mas nagiging paglalahad lamang ng sagot ng kalahok kaysa masusing interpretasyon. Mas magiging malakas ang papel kung iuugnay nang mas malinaw ang mga pahayag ng guro sa mga konsepto ng *language change, generational difference*, at *language preservation.* |
| Kailangang maging mas maingat sa ilang kongklusyon. May mga bahagi na tila malawak ang pahayag tungkol sa paghina o pagkasira ng Wikang Meranaw, ngunit limitado ang datos sa pananaw ng limang guro. Mainam na ipakita ang mga resulta bilang obserbasyon mula sa tiyak na konteksto, hindi bilang pangkalahatang katotohanan tungkol sa lahat ng Gen Z o lahat ng gumagamit ng Wikang Meranaw. |

**Mangyaring ipahiwatig ang iyong pasya sa pamamagitan ng pag-tsek sa naaangkop na kahon sa ibaba.**

| | **Pasya** |
|---|---|
| | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon. |
| ✓ | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri. |
| | Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon. |

International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

## IKALAWANG YUGTO

| **Pasya** | **Editor** | **Reviewer 1** | **Reviewer 2** |
|---|---|---|---|
| Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon. | / | / | / |
| Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri. | | | |
| Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon. | | | |